

MGA OPINYON NG OTA

Pangkalahatang-Ideya ng Opinyon

Magbibigay ng nakasulat na pagpapasya, na tinutukoy sa aming mga regulasyon bilang “Opinyon,” sa bawat apela sa Office of Tax Appeals (OTA) at ipapadala ito sa iyo at sa ahensya sa buwis. Ialarawan sa Opinyon ang mga impormasyon at batas na nalalapat sa kaso at ipapaliwanag dito ang (mga) dahilan ng paghantong ng lupon ng mga apela sa buwis sa pagpapasyang ito.

Timing

Kung pinili mo ang pasalitang pagdinig, ipapadala sa iyo at sa ahensya sa buwis ang Opinyon sa loob ng 100 araw mula sa iyong pagdinig, maliban kung mananatiling bukas ang tala upang mabigyang-daan ang pagsusumite ng karagdagang katunayan o argumento. Kung hindi mo pinili ang pasalitang pagdinig, karaniwang matatanggap mo ang Opinyon sa loob ng anim na buwan pagkatapos makumpleto ang briefing.

Pagtutol sa Opinyon

Kung tumututol ka sa Opinyon, magkakaroon ka ng 30 araw mula sa petsa ng pagbibigay ng Opinyon ng OTA upang magsumite ng petisyon para sa muling pagdinig. Magiging pinal ang Mga Opinyon ng OTA nang 30 araw pagkatapos na ibigay ang mga ito maliban kung naghain ka o ang ahensya sa buwis ng petisyon para sa muling pagdinig. Kung

tumututol ka sa Opinyon at pinal na ito, maaari kang napapanahong maghain ng claim para sa refund sa Nakatataas na Hukuman ng California pagkatapos mong mabayaran ang pananagutan. Sumangguni sa publikasyon ng OTA na “Disagreeing with OTA (Pagtutol sa OTA)” para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng iyong mga opsyon kung tumututol ka sa Opinyon ng OTA sa iyong apela.

Karagdagang Impormasyon

Kinakailangan ng OTA na i-publish ang lahat ng opinyon at pagkatapos na maisapinal ang Opinyon, ipo-post ito sa website ng OTA sa www.ota.ca.gov.

Makikita sa website ng OTA ang nakaraang Mga Opinyon ng OTA. May bisa sa hinaharap ang ilang partikular na Opinyon ng OTA at maaari itong magbigay ng gabay sa kung paano maaaring pagpasyahan ng OTA ang mga katulad na kaso. Bukod rito, maaari kang sumangguni sa mga opinyong may bisa sa hinaharap ng Board of Equalization (BOE) ng Estado ng California maliban kung aalisin ng OTA ang status na may bisa sa hinaharap sa kasunod na opinyong may bisa sa hinaharap na naka-post sa parehong page ng website ng OTA. Makikita ang mga pagpapasyang may bisa sa hinaharap ng BOE para sa mga apela sa buwis sa negosyo sa website ng California Department of Tax and Fee Administration sa www.cdffa.ca.gov.